

Pang-araw-araw na Wikang Tsino



每日汉语

菲律宾语 06



国家汉办/孔子学院总部
Hanban/Confucius Institute Headquarters



中国国际广播电台
CHINA RADIO INTERNATIONAL

中国国际广播出版社

Pang-araw-araw na Wikang Tsino

每日汉语

中国国际广播出版社

图书在版编目 (CIP) 数据

每日汉语·菲律宾语/《每日汉语》编写组编著.—北京:

中国国际广播出版社, 2009.12

ISBN 978-7-5078-3116-0

I. 每… II. 每… III. 汉语-对外汉语教学-教材

IV. H195.4

中国版本图书馆CIP数据核字 (2009) 第182053号

出版人	马连弟
监制	李晓琤
统筹	郑凤杰
美术设计	田荣荣
插图	三 柏
审定	咸 杰 于熙君 拉 蒙
责任编辑	马冬冬
特邀编辑	咸 杰 荔 逢 刘 凯
责任校对	徐秀英
特邀校对	咸 杰 刘 凯 荔 逢

每日汉语·菲律宾语

中国国际广播出版社 (83139469 83139489 [传真]) 出版发行

北京复兴门外大街2号 (国家广电总局内) 邮编: 100866

www.chirp.com.cn

新华书店经销

环球印刷 (北京) 有限公司印刷

700×1000 1/32开本 22.5印张 400千字

2009年12月北京第一版 2009年12月第一次印刷

书号 ISBN 978-7-5078-3116-0/G·323 定价: 150.00元 (全6册)

国际广播版图书 版权所有 盗版必究

(如果发现印装质量问题, 本社负责调换)



目录 / Mga Nilalaman

第五十八课 在酒吧

Aralin Bilang Limampu't Walo Sa Bar.....1

第五十九课 在迪斯科厅

Aralin Bilang Limampu't Siyam Sa Disko.....11

第六十课 在电影院

Aralin Bilang Animnapu Sa Sinehan.....20

第六十一课 在卡拉 OK

Aralin Bilang Animnapu't Isa Sa Karaoke Bar.....30

第六十二课 看演出

Aralin Bilang Animnapu't Dalawa Pagdalo
sa Pagtatanghal.....40

第六十三课 看京剧

Aralin Bilang Animnapu't Tatlo Panonood
ng Peking Opera.....50



目录 / Mga Nilalaman

第六十四课 在博物馆

Aralin Bilang Animnapu't Apat Sa Museo.....60

第六十五课 晨练

Aralin Bilang Animnapu't Lima Pag-eehersisyo
Tuwing Umaga69

第六十六课 健康与锻炼

Aralin Bilang Animnapu't Anim Isports
at Pag-eehersisyo78

第六十七课 看比赛


Aralin Bilang Animnapu't Pito Panonood ng
Paligsahan sa Isports87

第六十八课 爬山与跑步

Aralin Bilang Animnapu't Walo Paglalakad nang
Malayo at Pagtakbo97

第五十八课 在酒吧

Aralin Bilang Limampu't Walo Sa Bar



X: Hi! 大家好. Halikayong muli sa palatuntunang Pang-araw-araw na Wikang Tsino. Ito si Xian Jie.

L: Ito naman si Liu Kai. 大家好! Sa nakaraang aralin, pinag-usapan natin ang mga pangungusap na may kinalaman sa pagpapatala para sa isang kurso ng kolehiyo. Ngayon, saglit na pagbalik-aralan natin ang mahahalagang pangungusap na natutuhan natin noong nakaraan. Una: Hindi magaling na magaling ang pagsasalita ko ng wikang Tsino.

X: 我的汉语不好.

L: Hindi ko maintindihan.

X: 我听不懂.

L: Kelan nagsisimula ang semestre?

X: 什么时候开学?

L: Magkano ang matrikula para sa isang semestre?

X: 一个学期的学费是多少? Okey, narito ang lahat ng mga usapan na natutuhan natin noong nakaraan:



完整对话 Ang Lahat ng Usapan

对话一 Usapan Bilang Isa

A: 您以前学过汉语吗? Nag-aral ka na ba ng wikang Tsino noon?

B: 学过一点儿. 我的汉语不好. Nag-aral ako ng konti. Hindi magaling na magaling ang pagsasalita ko ng

wikang Tsino.

A: 你说得挺好的。Ang husay-husay mong magsalita.

对话二 Usapan Bilang Dalawa

A: 我听不懂。您会说英语吗? Hindi ko maintindihan. Nakakapag-Ingles ka ba?

B: 对不起, 我不会说英语。Pasensiya ka na. Hindi ako nakakapag-Ingles.

对话三 Usapan Bilang Tatlo

A: 什么时候开学? Kelan nagsisimula ang semestre?

B: 9月1号。Dapat magparehistro ang mga mag-aaral sa unang araw ng Setyembre.

对话四 Usapan Bilang Apat

A: 一个学期的学费是多少? Magkano ang matrikula para sa isang semestre?

B: 一个学期一万。Sampung libong Yuan bawat semestre.

X: Pagkaraan ng matagal na pag-aaral, magtungo naman tayo sa bar para maglibang-libang.

L: Mukhang magandang ideya iyan!

X: Gusto ko ng isang bote ng beer. 我要一瓶啤酒.

L: 我要一瓶啤酒。

X: 我要, gusto ko.

L: 我要。

X: 一瓶, isang bote.

L: 一瓶。

X: 啤酒, beer.

L: 啤酒。

X: Gusto ko ng isang bote ng beer. 我要一瓶啤酒。

L: 我要一瓶啤酒。Pakinggan natin ang unang usapan:

对话一 Usapan Bilang Isa

A: 请问您喝点儿什么? Ano ang gusto ninyong inumin?

B: 我要一瓶啤酒。Gusto ko ng isang bote ng beer.

A: 请稍等, 马上就来。Saglit lang po. Darating na.

B: 谢谢。Salamat.

X: Aling klase ng beer ang gusto ninyo? 您要哪种啤酒?

L: 您要哪种啤酒?

X: 您, magalang na porma ng 你.

L: 您。

X: 要, gusto.

L: 要。

X: 哪种, aling klase.

L: 哪种.

X: 啤酒, beer.

L: 啤酒.

X: Aling klase ng beer ang gusto ninyo? 您要哪种啤酒?

L: 您要哪种啤酒? Ngayon, pakinggan natin ang ikalawang usapan:

对话二 Usapan Bilang Dalawa

A: 您要哪种啤酒? Aling klase ng beer ang gusto ninyo?

B: 我要瓶装的。Gusto ko iyong beer na nasa bote.

X: O kung oorder naman kayo ng scotch, maari nilang tanungin kung gusto ninyo na may yelo. 要加冰吗?

L: 要加冰吗?

X: 要, kailangan.

L: 要.

X: 加, lagyan o dagdagan.

L: 加.

X: 冰, yelo.

L: 冰.

X: May yelo? 要加冰吗?

L: 要加冰吗?

X: Gusto ko walang yelo. 不加冰.

L: 不加冰.

X: 不, huwag.

L: 不.

X: 不加, huwag lagyan.

L: 不加.

X: 冰, yelo.

L: 冰.

X: Gusto ko walang yelo. 不加冰.

L: 不加冰. Pakinggan natin ang ikatlong usapan:

对话三 Usapan Bilang Tatlo

A: 请问您喝点儿什么? Ano ang gusto ninyong inumin?

B: 我要一杯苏格兰威士忌。Gusto ko ng isang baso ng whisky.

A: 要加冰吗? Gusto ninyo ng yelo?

B: 不加冰。Walang yelo.

X: Meron kayong soft drinks? 有没有碳酸饮料?

L: 有没有碳酸饮料?

X: Ang 有没有 ay isang karaniwang istruktura ng pangungusap na nangangahulugan ng “meron ba o wala?”

L: 有没有.

X: 碳酸, inuming may karbon.

L: 碳酸.

X: 饮料, pamatid-uhaw.

L: 饮料.

X: 碳酸饮料, inuming may karbon, pamatid uhaw.

L: 碳酸饮料.

X: Meron kayong soft drinks? 有没有碳酸饮料?

L: 有没有碳酸饮料? Pakinggan natin ang ikaapat na usapan:

对话四 Usapan Bilang Apat

A: 有没有碳酸饮料? Meron kayong soft drinks?

B: 有, 您要哪种? Opo. Aling klase ang gusto ninyo?

A: 我要一瓶可乐。Gusto ko ng isang bote ng Coca Cola.

B: 好的, 请稍等。Okey. Saglit lang po.

L: Ngayon, pagbalik-aralan natin sandali iyong mga pangunahing ekspresyon. Una: Gusto ko ng isang bote ng beer.

X: 我要一瓶啤酒.

L: Aling klase ng beer ang gusto ninyo?

X: 您要哪种啤酒?

L: May yelo?

X: 要加冰吗?

L: Gusto ko walang yelo.

X: 不加冰.

L: Meron kayong soft drinks?

X: 有没有碳酸饮料? Okey, pakinggan natin ang lahat ng mga usapan na natutuhan natin sa araw na ito:



完整对话 Ang Lahat ng Usapan

对话一 Usapan Bilang Isa

A: 请问您喝点儿什么? Ano ang gusto ninyong inumin?

B: 我要一瓶啤酒。Gusto ko ng isang bote ng beer.

A: 请稍等，马上就来。Saglit lang po. Darating na.

B: 谢谢。Salamat.

对话二 Usapan Bilang Dalawa

A: 您要哪种啤酒? Aling klase ng beer ang gusto ninyo?

B: 我要瓶装的。Gusto ko iyong beer na nasa bote.

对话三 Usapan Bilang Tatlo

A: 请问您喝点儿什么? Ano ang gusto ninyong inumin?

B: 我要一杯苏格兰威士忌。Gusto ko ng isang baso ng

whisky.

A: 要加冰吗? Gusto ninyo ng yelo?

B: 不加冰。Walang yelo.

对话四 Usapan Bilang Apat

A: 有没有碳酸饮料? Meron kayong soft drinks?

B: 有, 您要哪种? Opo. Aling klase ang gusto ninyo?

A: 我要一瓶可乐。Gusto ko ng isang bote ng Coca Cola.

B: 好的, 请稍等。Okey. Saglit lang po.

L: Ngayon, dumako na tayo sa Mga Tip ng Kulturang Tsino.



Mga Tip ng Kulturang Tsino

Sapul noong ika-9 na dekada, ang “bar culture” ay unti-unting lumitaw sa mga lunsod ng Tsina. Ang paglago ng “bar industry” ay may mahigpit na kaugnayan sa pag-unlad ng kabuhayan, lipunan at kultura ng Tsina. Sa mga mas higit na maunlad na lunsod na tulad ng Beijing, Shanghai at Shenzhen, ang negosyong may kinalaman sa bar ay mas higit pang malago. Sa Beijing, ang mga bar ay may iba’t ibang istilo. Sa Shanghai, ang mga bar ay may pagka-romantic ang dating, at sa Shenzhen naman, ang

mga bar ay hindi nauubusan ng excitement at naging paboritong mga lugar ng mga kabataan para sa kanilang pagrerelaks at paglilibang-libang.

Ang Beijing ay lunsod na may pinakamalaking bilang ng bars-at sa iba't ibang istilo. Dapat ding espesyal na banggitin ay iyong mga bar street sa paligid ng Shichahai lake, na maganda rin namang lugar para sa pamamangka. Katubigan, mga bangka, mga tulay at mga bar... Ang lahat ng mga iyan ay nagdaragdag ng magagandang tanawin sa pagiging kaakit-akit ng Beijing, lunsod na punung-puno ng kasaysayan.

X: At diyan sa puntong iyan nagtatapos ang ating aralin sa araw na ito. Tulad ng alam ninyo, may munting tanong kami para sa inyo: Paano ninyo sasabihin ang “Gusto ko ng isang bote ng beer.” sa wikang Tsino?


L: Kung alam ninyo ang sagot, mag-e-mail lamang sa: filipino_section@yahoo.com.

X: At para sa mga karagdagang detalye, huwag kayong mag-atubiling bumisita sa aming website na filipino.cri.cn. Itong muli si Xian Jie na nagpapasalamat sa inyong pagsalo sa amin. Hanggang sa muli.

L: Ito naman si Liu Kai. 再见!

第五十九课 在迪斯科厅

Aralin Bilang Limampu't Siyam Sa Disko



X: Hi! 大家好. Halikayong muli sa palatuntunang Pang-araw-araw na Wikang Tsino. Ito si Xian Jie.

L: Ito naman si Liu Kai. 大家好! Sa nakaraang aralin, pinag-usapan natin ang mga pangungusap na may kinalaman sa paglilibang-libang sa bar. Ngayon, saglit na pagbalik-aralan natin ang mahahalagang pangungusap na natutuhan natin noong nakaraan. Una: Gusto ko ng isang bote ng beer. 我要一瓶啤酒.

X: 我要一瓶啤酒.

L: Aling klase ng beer ang gusto ninyo? 您要哪种啤酒?

X: 您要哪种啤酒?

L: May yelo? 要加冰吗?

X: 要加冰吗?

L: Gusto ko walang yelo. 不加冰.

X: 不加冰.

L: Meron kayong soft drinks? 有没有碳酸饮料?

X: 有没有碳酸饮料? Okey, narito ang lahat ng mga usapan na natutuhan natin noong nakaraan:



完整对话 Ang Lahat ng Usapan

对话一 Usapan Bilang Isa

A: 请问您喝点儿什么? Ano ang gusto ninyong inumin?

B: 我要一瓶啤酒. Gusto ko ng isang bote ng beer.